



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGLALATHALA: Disyembre 7, 2020

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Erin DeMerritt - 415.517.4147

Air District, mag-aalok ng \$40 milyong pondo para sa grant para mabawasan ang polusyon sa hangin na mula sa mga heavy duty na makina

SAN FRANCISCO – Tumatanggap ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ng mga aplikasyon para sa mga proyektong nagbabawas ng mga nakakalasang emisyon sa hangin at pollutant na nabubuo sa ozone mula sa mga mas lumang makinang diesel na nagdudulot ng polusyon.

Kasama sa mga kwalipikadong kagamitan ang mga medium- at heavy-duty na truck at bus, mobile na kagamitang pangkonstruksyon at pang-industriya, kagamitang pang-agrikultura, mga sasakyang-dagat, lokomotibo, school bus, at pansuportang imprastruktura. Available ang pondo para sa mga proyektong:

- Magpapalit ng lumang sasakyan o kagamitan gamit ang pinakamalinis na available na teknolohiya
- Magpapalit ng lumang makina gamit ang isang bagong makinang nasertipikahan para sa emisyon
- Magko-convert ng dati nang kagamitan nang sa gayon ay tumakbo ito sa electric o hybrid na power
- Maglalagay ng imprastruktura para ma-charge o malagyan ng gasolina ang isang bagong pinopondohang kagamitan. Puwedeng isaalang-alang ang mga proyektong pang-imprastruktura lang depende sa kaso.

“Ang exhaust mula sa diesel ay isang matinding banta sa pampublikong kalusugan, at pinakanakakaapekto sa mga komunidad na naaapektuhan na ng polusyon sa hangin,” ayon kay Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Nag-i-invest ang mga grant na ito sa kagamitang mas malinis kaysa sa kinakailangan para mapaganda ang kalidad ng hangin sa mga komunidad na pinakanangangailangan ng aming tulong.”

Awtorisado ng AB 617, nakikipagtulungan ang Air District sa mga residente ng lokal na komunidad sa pamamagitan ng Programa ng Komunidad para sa Proteksyon ng Kalusugan para makagamit ng mga napatunayan nang makabagong estratehiya para mapabuti ang kalusugan ng komunidad sa pamamagitan ng pagbabawas ng pagkakalantad sa mga pollutant sa hangin sa mga komunidad na pinakanaaapektuhan ng polusyon sa hangin. Nag-aalok ang Air District ng mahigit sa \$40 milyong pondo para sa grant mula sa Programang Carl Moyer at Programa ng Komunidad para sa

Proteksyon ng Kalusugan para mapaganda ang kalidad ng hangin sa Bay Area. Kasalukuyang tumatanggap at sumusuri ng mga aplikasyon sa first-come, first-served na batayan hanggang sa maubos ang pondo. Bibigyang-prioridad ng Air District ang mga aplikasyon para sa mga proyektong nagbabawas ng mga emisyon sa mga sumusunod na komunidad na nasa AB 617:

- **West Oakland**
- **Richmond-San Pablo**
- **East Oakland/San Leandro**
- **Eastern San Francisco**
- **Pittsburg-Bay Point**
- **San Jose**
- **Tri-Valley**
- **Vallejo**

Nariyan ang mga tauhan ng Air District para sumagot ng mga tanong tungkol sa proseso ng aplikasyon at mga kinakailangan para sa grant. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa para sa grant o para makapagsimula ng aplikasyon online, bisitahin ang website ng Air District sa www.baaqmd.gov/moyer at www.baaqmd.gov/AB617grants o tumawag sa 415-749-4994.

Ang Programa ng Komunidad para sa Proteksyon ng Kalusugan ay binuo para maging isang transparent na prosesong itinataguyod ng komunidad, na nagbibigay-daan sa mga komunidad na bawasan ang emisyon at pagkakalantad sa polusyon sa hangin.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [YouTube](#).